

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Ang pagdami ng mga kaso ng COVID-19 ay nagdulot ng mas maraming paghihigpit at pagsasara ng pabrika noong Agosto

Key findings

Bumaba nang husto ang output at mga bagong order

Muling lumiit ang mga pre- at post-production inventory

Naging napakataas ng mga inflationary pressure

Ang data ng Agosto 2021 ay nakolekta noong 12-23 Agosto 2021.

Ang pagbabalik ng Enhanced Quarantine Measures (ECQ) sa Metro Manila ay nagdulot ng pagsasara ng mga pabrika sa isa sa pinakamalalaking manufacturing region sa Pilipinas noong Agosto. Bumulusok ang output at mga bagong order, pero hindi masyadong malala ang decline kumpara sa naranasan noong unang lockdown noong Marso-Mayo 2020. Gayunpaman, ang mababang demand ay humantong sa mga pagsusumikap na makatipid sa gastusin at dahil dito ay bumaba ang level ng imbentaryo at employment noong Agosto. Samantala, ang mga paghihigpit na nauugnay sa virus ay nakaapekto nang wasto sa lead times kung saan muling naging problema ang port congestion at kakulangan ng materyales sa pinakahuling survey period.

Pagdating naman sa presyo, bumaba nang kaunti ang cost pressures kung saan bumaba nang kaunti ang inflation ng presyo ng output at input kumpara sa Hulyo.

Bumaba nang husto ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® mula 50.4 noong Hulyo patungong 46.4 noong Agosto, mas mababa sa 50.0 no-change threshold na naghihiwalaya sa expansion at contraction. Ang pinakabagong decline ay nagsaad ng panibagong contraction sa mga kundisyon ng pagnenegosyo sa manufacturing sector ng Pilipinas, at ito ang naging pinakamabilis na decline simula noong Mayo 2020.

Bumaba ang mga volume ng produksyon sa ikalimang buwang sunod-sunod noong Agosto, kung saan ang bilis ng decline ay naging ikaapat na pinakamabilis sa kasaysayan ng series. Ang contraction ay naiugnay sa ikatlong wave ng mga kaso ng COVID-19 at ang kasunod na paghihigpit ay humantong sa mga pagsasara ng negosyo at pabrika noong buwang iyon.


Bumaba rin nang husto ang customer demand noong Agosto kung saan bumaba ang volume ng mga bagong order nang isa sa pinakamabilis sa kasaysayan ng series. Ang mas maraming paghihigpit sa biyahe at pagsasara ng mga negosyo ay humantong sa pagbabawas ng mga kliyente ng mga order. Ang mahinang domestic sales ay sinabayan ng panibagong pagbaba ng foreign demand. Sa katunayan, pinakamabilis na bumaba ang exports simula noong Hulyo 2020.

Ang mas mababang output requirements ay humantong sa mabilis na paghina ng pagbili habang sinusubukan ng mga kumpanyang bawasan ang ilang gastusin at mag-restructure ng mga stock kasabay ng mahinang demand. Bilang resulta, bumaba ang mga imbentaryo ng pre-production goods, bagama't naging bahagya lang ito.

Ang mas mahihigpit na hakbang, port congestion at kakulangan sa supplier ay humantong sa malubhang paghina ng supplier performance sa gitna ng ikatlong

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Kasabay ng pag-aanunsyo ng mas mahihigpit na hakbang ng ECQ noong unang bahagi ng Agosto, hindi naging surpresa ang pinakabagong contraction sa mga kundisyon ng pagnenegosyo sa manufacturing sector ng Pilipinas. Muling inihinto ng mga pabrika at kliyente nila sa Metro Manila area ang kanilang mga production line upang mapabagal ang paglaganap ng bagong delta variant. Dahil dito, lumala ang lahat ng limang component ng PMI, o mas lumala ang contraction nito, kung saan naging pinakamababa noong Agosto ang PMI sa loob ng 15 buwan.

"Buti na lang, nananatiling positibo ang mga expectation ng mga kumpanya dahil sa pag-asang pansamantala lang ang pinakabagong downturn. Pagdating naman sa mga presyo, ang pagbabago ng mga gastusin sa input ay nagsasaad na ang mabilis na pagtaas ng presyo na narasanan sa simula ng taon ay nagsisimula nang bumabagal.

"Gaya ng lahat ng rehiyon, nanatiling pinakamahalaga ang pagbabakuna sa pagkontrol ng paglaganap ng sakit at mga nauugnay na variant. Muling binigyang-diin ng mga policymaker ang kahalagahan ng pagbabakuna sa populasyon na sinusubukan nitong matapos sa unang bahagi ng susunod na taon. Inaasahan ng mga kumpanya na ang mga pagkabigla sa supply ng mga bakuna ay makokontrol para mahadlangan ang muling pagkaantala nito."

quarter. Naging pinakakapansin-pansin ang paghaba ng delivery times simula noong Agosto 2020 at naging isa sa pinakamahalaga ito sa mahigit lima at kalahating taon ng kasaysayan ng survey.

Ang antas ng employment sa mga Filipino goods-producer ay bumaba nang husto at mabilis noong Agosto. Ito ay dahil sa mga pagsasara ng pabrika kung saan hindi na makatrabaho ang mga empleyado, na humantong sa mga ulat ng pagbibitiw at pagtatanggal sa trabaho. Ang medyo mahinang demand environment kasabay ng sapat na kapasidad ay nagbigay-daan sa mga kumpanyang i-clear ang mga backlog nila sa bilis na hindi pa nababago mula noong Hulyo.

Samantala, ang pandaigdigang kakulangan sa raw material ay mga delay sa delivery ay patuloy na naramdaman sa anyo ng mas mataas na presyo ng input. Tumaas ang average cost burdens nang ikalabing-anim na buwan nang sunod-sunod, at ang bilis ng inflation ay naging napakabilis kung ikukumpara sa dati. Gayunpaman, nagkaroon ng mga senyas ng pagbuti ng sitwasyon kung saan naging pinakamabagal ang pagtaas ng mga gastusin sa loob ng pitong buwan.

Nagsumikap ang mga kumpanya na ipasa ang bahagi ng gastusin sa pamamagitan ng pagtataas ng mga singil nila sa pagbenta. Katulad ng trend para sa mga gastusin sa input, naging mabagal ang pagtaas ng mga manufacturer ng mga singil nila kumpara sa Hulyo.


Panghuli, naging pinakamababa sa loob ng apat na buwan ang mga expectation ng mga kumpanya pagdating sa mga level ng output sa susunod na 12 buwan, bagama't nanatili pa rin itong positibo. Ang mga pagsusumikap sa pagbabakuna ay nagbigay ng pag-asang maibabalik ang lahat sa normal, bagama't nagsaad ang ilang kumpanya ng pagkadismaya hinggil sa mga pangmatagalang implikasyon ng COVID-19.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng susunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Agosto 2021 ay nakolekta noong 12-23 Agosto 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katerine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.